

Oktubre 06, 2022

## **Pag-akit at pagsasanay ng mga internasyonal na nars**

Upang mapahusay ang kapasidad sa pangangalagang pangkalusugan, ginagawang mas madali ng Alberta para sa mga internasyonal na edukadong nars na maging lisensyado at magtrabaho sa ating lalawigan.

Ang mga departamento ng Masulong na Edukasyon (Advanced Education), Kalusugan, at Trabaho at Imigrasyon ay naglulunsad ng tatlong magkakahiwalay na plano upang makatulong na mabawasan ang mga hadlang para sa mga internasyonal na edukadong nars. Kabilang dito ang pagpapalawak ng mga programa na nagkokonekta ng nars at paglalagay sa klinika habang pinapadali ang proseso ng regulasyon at paglikha ng bagong online na plataporma para tulungan ang mga internasyonal na edukadong nars na mapamahalaan ang proseso.

Ang Masulong na Edukasyon (Advanced Edukasyon) ay gumagastos ng \$3.5 milyon sa 2022-23 upang simulan ang pagpapalawak ng mga pagkakataong pang-edukasyon para sa mga internasyonal na edukadong nars.

Sa kasalukuyan, ang mga internasyonal na edukadong nars ay nahaharap sa mahabang oras ng paghihintay at kaunting pampinansyal na suporta upang mabigyan ng lisensyang magtrabaho sa Alberta. Ang isang pinag-ugnay na plano upang tugunan ang mga hadlang na ito, habang pinapanatili pa rin ang mataas na kalidad ng pangangalagang inaasahan sa Alberta, ay mas makakasuporta sa mga agaran at mga pangangailangan sa hinaharap ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng lalawigan.

"Ang Alberta ang pinakamagandang lugar sa Canada upang manirahan, magtrabaho at magpalaki ng pamilya. Mayroong malaking pandaigdigang pangangailangan para sa mas maraming manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan. Ang ma-estratehikong diskarte na ito ay makakatulong na makakuha ng mas mataas na sinanay at kwalipikadong mga nars sa ating sistema ng pangangalagang pangkalusugan nang mas mabilis habang pinapaalala sa mundo ang lahat ng mga kapakinabangan ng pamumuhay sa Alberta."

*Jason Kenney, Premier*

**Tinitiyak ang mataas na kalidad ng pangangalaga habang binabawasan ang sobrang burukrasya**

Ang Masulong na Edukasyon ay makikipagtulungan sa mga post-sekundryong institusyon upang palawakin ang bilang ng mga upuan sa mga kasalukuyang programang pangkonekta sa unang bahagi ng Enero 2023. Magbubuo din ng mga bagong programang pangkonekta (bridging program) at isang bursary para suportahan ang mga internasyonal na edukadong nars para sa halaga ng pagiging isang nars sa Alberta.

Ang programang ito ay bahagi ng isang mas malaking inisyatibo ng pamahalaan upang matiyak na ang mga kuwalipikadong indibidwal na pumapasok sa mga pinamamahalaang propesyon at mga itinalagang trabaho o mga pangangalakal ay hindi nahaharap sa mga hindi patas na proseso o mga hadlang. Kabilang dito ang pagpapasa ng *Batas sa mga Patas na Kasanayan sa Pagpaparehistro (Fair Registration Practices Act)* at ang paglikha ng Opisina ng Mga Patas na Kasanayan sa Pagpaparehistro.

"Napakaraming mga internasyonal na edukadong nars ang hindi makakapagsagawa ng kanilang antas ng kasanayan dahil sa gastos at oras ng paghihintay para sa mga programang pangkonekta. Inaalís namin ang mga hadlang na ito at tinutulungan ang mas maraming internasyonal na edukadong nars na isagawa ang kanilang kalakalan upang mapabuti ang kanilang sarili at ang ating sistema ng pangangalaga sa kalusugan.

*Demetrios Nicolaidis, Ministro ng Masulong na Edukasyon*

"Ang mga pagkilos tulad ng pagpapasa ng *Batas sa mga Patas na Kasanayan sa Pagpaparehistro* at pagtatatag ng Opisina ng Pagkamakatarungan para sa mga Bagong Dating ay gumagawa ng pagkakaiba upang matulungan ang mga propesyonal na may pinag-aralan sa ibang bansa na makapagtrabaho nang mas mabilis sa ating lalawigan. Gayunpaman, mayroon pa ring higit na dapat gawin. Ito ang dahilan kung bakit dapat tayong gumawa ng isang lahat ng pamahalaan na diskarte para matugunan ang mga pampropesyonal na hadlang na ito."

*Kaycee Madu, Ministro ng Paggawa at Imigrasyon*

"Ang ating sistema ng pangangalagang pangkalusugan ay nangangailangan ng mga nars, at ang mga internasyonal na edukadong nars na nandayuhan sa Canada ay isang pangunahing pinagkukunan ng hindi pa nagamit na kaalaman at kasanayan. Ipinagmamalaki ng Unibersidad ng Mount Royal na mag-ambag sa pagtulong sa mga internasyonal na edukadong nars na dalhin ang kanilang katatagan, determinasyon, pasensya, matibay na etika sa trabaho at pang-unawa sa kultura sa Alberta."

*Tim Rahilly, presidente at vice-chancellor, Mount Royal University*

## Mabilis na mga Katotohanan

- Sa kasalukuyan, ang mga internasyonal na edukadong nars ay nahaharap sa mga sumusunod na hadlang sa Alberta:
  - Isang proseso ng regulasyon na nagkokonsumo ng oras (hanggang 24 na buwan).

- Mahabang mga oras ng paghihintay upang ma-akses ang mga programang pangkonekta na sumusuporta sa pagpapahusay na kinakailangan upang matugunan ang mga pamantayan ng kasanayan sa narsing ng Alberta.
- Kakulangan ng mga pagkakalagay sa klinika upang suportahan ang pagkumpleto ng mga programang pangkonekta.
- Mga nakahahadlang na gastos upang makakuha ng lisensya para magpraktis sa Alberta (hanggang \$16,000-plus), kasama ang kakulangan ng suportang pampinansyal.
- Ang iba pang mga hurisdiksyon ng Canada, kabilang ang British Columbia, Manitoba, Ontario, New Brunswick at Saskatchewan, ay nagsasagawa ng mga makabagong paraan upang magrekluta ng mga internasyonal na edukadong nars upang matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang mga populasyon.

## Multimedia

- [Panoorin ang kumperensya ng balita](#)